Mabini Review
Volume XV, No. 2, 2025

Polytechnic University of the Philippines




# Isang Mungkahing Tipolohiya ng Teolohiyang Pilipino

## *A Proposed Typology of Filipino Theology*

Mark Joseph Pascua Santos
De La Salle University
Philippine Women's University
mark.joseph.santos@dlsu.edu.ph

DOI: https://doi.org/10.70922/je0jwj19

Submit to this journal

Other related articles

Announcements

Other PUP Journals

Article History:

| | |
|---|---|
| Received: | March 17, 2025 |
| Accepted: | June 23, 2025 |
| Revised: | June 26, 2025 |

How to Cite this paper:

Santos, Mark Joseph P. "Isang Mungkahing Tipolohiya ng Teolohiyang Pilipino." *Mabini Review* 15, no. 2 (2025): 93-124. https://doi.org/10.70922/je0jwj19

Other citation formats:

APA MLA

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Copyright © 2025 CC BY-NC 4.0

# Isang Mungkahing Tipolohiya ng Teolohiyang Pilipino

# *A Proposed Typology of Filipino Theology*

Mark Joseph Pascua Santos
De La Salle University
Philippine Women's University
mark.joseph.santos@dlsu.edu.ph

## Abstrak

Lagpas limang dekada nang umiiral ang Teolohiyang Pilipino bilang isang kilusang Pilipinisasyon, mula sa pag-usbong ng mga akdang teolohikal noong 1970s na malay na naghahanap ng pagka-Pilipino ng teolohiya bilang isang larangan. Sa kabila nito, wala pa ring umiiral sa kasalukuyan na isang tipolohiya na nagtatangkang mag-uri-uri at magsistematisa ng mga umiiral na literatura sa larangan. Layunin ng kasalukuyang pag-aaral na maglatag ng isang mungkahing tipolohiya para punan ang naturang puwang. Tungo rito, gagamitin bilang modelo ang tipolohiya ni F.P.A. Demeterio sa Pilosopiyang Pilipino, gayundin ang istruktura ng mga sublarangan ng Bagong Kasaysayan na nilikha ni Atoy Navarro. Gamit ang dalawang ito, bumuo ang may-akda ng isang tipolohiyang kinapapalooban ng apat na pangunahing erya: 1. Tipolohiya batay sa Wika (na humugot ng inspirasyon mula sa iskemang pangkami, pangkayo, pansila, at pantayo ni Zeus Salazar), 2. Tipolohiya batay sa Metodo (halaw sa pag-iiba ni Jose de Mesa sa panlipunan at pangkalinangang dulog sa teolohiya), 3. Tipolohiya batay sa Espasyong Heograpikal (alinsunod sa paghahati ni Salazar sa apat na larangan ng pilosopiya ng kasaysayan), at 4. Tipolohiya batay sa Eksposisyon (halaw sa sariling binubuong proyekto ng may-akda na Araling Kapantasan).

Mga Susing Salita: *eksposisyon, metodo, Teolohiyang Pilipino, tipolohiya, wikang Filipino*

## Abstract

*Filipino Theology, as a Filipinization movement, has been around for more than five decades since 1970s, when theological works that consciously sought to explore the Filipinoness of theology as a discipline began to emerge. Despite this, up to the present, there has yet to be any typology that attempts to systematize the existing literature in the field. This study aims to propose a typology to address this gap. To this end, F.P.A Demeterio's typology in Filipino Philosophy will be utilized as a model, along with Atoy Navarro's structure of subfields within Bagong Kasaysayan. Using these two models, the researcher developed a typology consisting of four main areas: 1. Typology based on*


© 2025 Santos, M.J.P. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

*Language (inspired by Zeus Salazar's categories of pangkami, pangkayo, pansila, and pantayo), 2. Typology based on Method (derived from Jose de Mesa's distinction between social and cultural approaches to theology), 3. Typology based on Geographical Space (informed by Salazar's division within philosophy of history), and 4. Theology based on Exposition (drawn from the researcher's own conceptualization of Araling Kapantasan).*

*Key words: exposition, method, Filipino Theology, typology, Filipino language*

## PANIMULA

May katagalan na ring umiiral ang Teolohiyang Pilipino, mula nang unang magsilitawan ang kaliwa't kanang publikasyon ukol dito noong dekada '70. Maituturing na panandang bato ang pagkakalimbag noong 1972 ng "On the Theology of the Signs of the Times"[1] ni Catalino Arevalo, na tinaguriang "Dean of Filipino Theologians"; gayundin ang paglabas noong 1975 ng unang komprehensibong kultural na dulog sa Teolohiyang Pilipino, ang *Elements of Filipino Theology*[2] ni Leonardo Mercado. Matagal nang lipas ang panahon ng pagtatanong kung "mayroon bang Teolohiyang Pilipino?" Mas inaatupag na ng kasalukuyang henerasyon ng mga teologo ang aktuwal na pagsasagawa nito. Testamento sa matayog nang estadong ito ng Teolohiyang Pilipino ang pagkakalimbag ng *The Rise of Filipino Theology*[3] nina Dindo Rei Tosoro at Joselito Jose, na nag-imbentaryo ng produksyon ng 36 teologo at 4 institusyong teolohikal sa Pilipinas.

Gayunman, sa kabila ng kaunlarang ito, wala pa ring umiiral hanggang sa kasalukuyan na isang tipolohiya ng Teolohiyang Pilipino, na nagsasagawa ng sistematikong pag-uuri-uri sa bugkos ng mga literaturang nakapaloob sa larangang ito. Makatutulong ang pagkakaroon ng tipolohiya para sa mas malinaw na pagtingin sa pagkakaugnay-ugnay ng mga akda sa loob ng isang mas malawak na kabuuan. Makapag-aambag din ang ganitong gawain sa konseptuwal na pagmamapa ng Teolohiyang Pilipino bilang isang larangan, pagpapahalaga sa punyagi ng mga naunang teologo, paghanap ng mga puwang na dapat pang punan, at pagpaplano para sa mga prospektibo nitong direksyon sa hinaharap.

Ang pagbuo ng ganitong tipolohiya ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito. Ang binhi ng mga ideya sa artikulong ito ay unang binuo ng may-

1 Catalino Arevalo, "On the Theology of the Signs of the Times," *Philippine Priests' Forum* 4 no. 4 (1972): 14-26.

2 Leonardo Mercado, *Elements of Filipino Theology* (Tacloban: Divine Word University Publications, 1975).

3 Dindo Rei Tesoro at Joselito Jose, *The Rise of Filipino Theology* (Pasay: *Paulines Publishing House,* 2004).

akda para sa isang presentasyon na ibinahagi sa *festschrift conference* para kay Jose M. de Mesa. May temang "Mabathalang Pag-aaral: Doing Filipino Theology and Religious Education in Honor of Dr. Jose 'Ka Joe' De Mesa," ginanap ang naturang kumperensya noong Pebrero 7, 2023. Magkatuwang itong inorganisa ng Religious Educators Association of the Philippines, at Center for Theology, Religious Studies, and Ethics ng Unibersidad ng Santo Tomas. Ang kasalukuyang papel ay pinaunlad na bersyon ng naturang presentasyon.

Mula sa mismong pangalan nito, maaaring bigyang kahulugan ang "tipolohiya" bilang isang organisadong sistema ng mga tipo (*types*) o uri. Umusbong ito sa loob ng tradisyon ng kwalitatibong pananaliksik, at kadalasang ginagamit upang organisahin at suriin ang mga kalat-kalat na ideya tungo sa maayos na klasipikasyon ng mga ito sa ilalim ng iba't ibang uri/tipo.[4] Sa teolohiya, ang tanyag na halimbawa nito ay ang tipolohiya ni H. Richard Niebuhr sa *Christ and Culture.*[5] Sa aklat na ito, naglatag siya ng iba't ibang tipo ng pagtugon ng mga Kristiyano sa kultura sa agos ng kasaysayan ng simbahan: 1. *Christ against Culture*, 2. *Christ of Culture*, 3. *Christ above culture*, 4. *Christ and Culture in Paradox*, at 5. *Christ the Transformer of Culture*.

Nahugot ko ang inspirasyon sa pagmumungkahi ng tipolohiya ng Teolohiyang Pilipino mula sa isang umiiral na tipolohiya ng kapatid nitong kilusan, ang Pilosopiyang Pilipino. Sa isang artikulo ni F.P.A. Demeterio, sinuri niya ang mga akda ng mga Pilipinong pilosoper tulad nina Emerita Quito, Florentino Timbreza, Rolando Gripaldo, at iba pa. Sa pamamagitan ng kanilang mga akda't kaisipan, nakapaglatag si Demeterio ng 16 tipo (o tinatawag niyang "diskurso") ng Pilosopiyang Pilipino:[6]

1. katutubong pilosopiya
2. iskolastisismo/Tomismo
3. mga banyagang sistema
4. kritikal na pilosopiya bilang 'di akademikong diskurso
5. lohikal na analisis
6. penomenolohiya
7. kritikal na pilosopiya bilang akademikong metodo
8. pag-aangkop ng mga banyagang teorya

---

4 David Collier et al., "Typologies: Forming Concepts and Creating Categorical Variables," nasa *The Oxford Handbook of Political Methodology*, mga pat. Janet M. Box-Steffensmeier et al. (Oxford: Oxford University Press, 2008), 152, 166.


5 H. Richard Niehbuhr, *Christ and Culture* (New York: HarperCollins Publishers, Inc., 2001).

6 F.P.A. Demeterio III, "Status and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co," Φιλοσοφια 14, no. 2 (2013): 186-215.

9. pag-aangkop ng katutubong pilosopiya
10. pamimilosopiya sa wikang Filipino
11. tekstuwal na eksposisyon ng mga banyagang sistema
12. rebisyunistang pagsusulat
13. interpretasyon ng pananaw pandaigdig ng mga Pilipino
14. halagahing Pilipino
15. presuposisyon at implikasyon ng pananaw pandaigdig ng mga Pilipino
16. pag-aaral sa mga Pilipinong pilosoper.

Kung nabuo ang ganitong tipolohiya sa Pilosopiyang Pilipino, nararapat lamang din na magkaroon ng ganito sa Teolohiyang Pilipino, yamang tulad ng kanyang kapatid na kilusan ay malayo na rin naman ang narating nito bilang isang larangan.


Liban sa tipolohiya ni Demeterio sa Pilosopiyang Pilipino, nakatulong din sa pagbuo ng sariling tipolohiya ang pisikal na istruktura ng dayagramo ni Atoy Navarro, isa sa mga pangunahing tagapagsulong ng Pantayong Pananaw (na isa ring kapatid na kilusang Pilipinisasyon ng Teolohiyang Pilipino). Bumuo siya ng isang dayagramong naglalaman ng iba't ibang sublarangan ng Bagong Kasaysayan.[7] Makikita sa ibaba ang naturang dayagramo:




**Dayagramo 1.** Samu't Saring Larangan ng Bagong Kasaysayan ni Atoy Navarro

7 Atoy M. Navarro, "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya," *Saliksik E-Journal* 1, no. 2 (2012): 4.

Sa pamamagitan ng mga inspirasyong ito mula sa tipolohiya ni Demeterio (Pilosopiyang Pilipino) at dayagramo ni Navarro (Pantayong Pananaw), sinimulan kong lumikha ng isang dayagramo ng tipolohiya na naglalatag ng 10 tipo ng Teolohiyang Pilipino. Ibinatay ang pag-uuri ng sampung ito batay sa 4 aspekto: 1. wika, 2. metodo, 3. heyograpiya, at 4. eksposisyon. Narito ang mungkahing tipolohiya:




**Dayagramo 2.** Mungkahing Tipolohiya ng Teolohiyang Pilipino

Ipaliliwanag natin sa sumunod na mga bahagi ang bawat isa sa 10 tipo sa ilalim ng 4 aspektong ito ng tipolohiya. Ngunit bago iyon, ilatag muna natin sa ibaba ang mga literatura na gagamitin nating halimbawa sa ilalim ng mga tipo:

**TALAHANAYAN 1.** Talaan ng mga Akdang Teolohikal na Ikakategorya Gamit ang Mungkahing Tipolohiya

| Pamagat ng Akda | May-akda o Patnugot | Maikling Deskripsyon |
|---|---|---|
| "A Locus for Doing Local Theologies: Theological Stories at the Frontlines of Grassroots Missions Engagement" | E. Acoba | Panawagan tungo sa pluralidad ng "Teolohiyang Pilipino," na makikita sa samu't saring teolohiya ng mga lokalidad sa Pilipinas. |

| Pamagat ng Akda | May-akda o Patnugot | Maikling Deskripsyon |
|---|---|---|
| *Sentire cum Ecclesia: A Festschrift in Honor of Catalino G. Arévalo, S.J.* | Catalino Arevalo | Isang aklat-parangal ng Catholic Bishop's Conference of the Philippines para sa tinataguriang "Dekano ng Teolohiyang Asyano." |
| "Ang Teolohiya ng Pagpapalaya" | Hugo Assmann | Pagsasalin ni Antonio Romualdez sa akda ng Brazilianong si Hugo Assman ukol sa *Liberation Theology.* |
| *The Christology of the Inarticulate: An Inquiry into the Filipino Understanding of Jesus the Christ* | Benigno P. Beltran | Sa pamamagitan ng malawakang sarbey, sinuri ng may-akda ang pananaw ng masang Pilipino kay Kristo |
| "Ang Pagbabago sa Teolohiya" | Raul Bonoan | Pagninilay sa *Liberation Theology* sa Latin Amerika, at ang saysay nito sa Pilipinas |
| "Ang Hindi Malilimutang Pamanang-aral ni Ka José De Mesa" | Rebecca Cacho | Isang tribyut-sanaysay ni Cacho para sa *mentor* niyang si de Mesa, na nagpapaliwanag ng mga pangunahing prinsipyong teolohikal nito, tulad ng pagtatambalan ng kulturang Pilipino at pamanang Hudio-Kristiyano |
| *Touching Ground, Taking Root: Theological and Political Reflections on the Philippine Struggle* | Edicio De la Torre | Mga pagninilay sa pagtatagpo ng pananampalataya at katarungang panlipunan mula sa isa sa mga pundasyon ng *Theology of Struggle* (ToS) |
| *Mga Aral sa Daan: Dulog at Paraang Kultural sa Kristolohiya* | Jose De Mesa | Kontekstuwalisasyon ng Kristolohiya gamit ang mga konseptong kultural ng Pilipinas |
| *Isang Maiksing Katesismo* | Jose De Mesa | Sariling bersyon ni de Mesa ng katesismo para sa mga nakatatanda, kung saan inilapat niya ang mga iminumungkahi niyang dinamikong salin ng mga teolohikong konsepto |
| *Mabathalang Pag-aaral* | Jose De Mesa | Sistematikong paglalatag ni de Mesa ng kanyang kaisipan ukol sa Mabathalang Pag-aaral, ang eskwela ng kaisipang teolohikal na kanyang pinasimulan |

| Pamagat ng Akda | May-akda o Patnugot | Maikling Deskripsyon |
|---|---|---|
| *Jesus: God's Way of Friendship* | Jose De Mesa at Rebecca Cacho | May pagkakatulad ang mga nilalaman sa *Mga Aral sa Daan*, na kontekstuwalisasyon din sa Pilipinas ng Kristolohiya. Ang pagkakaiba nga lang ay nasa Ingles ito at isinulat bilang teksbuk ng mga mag-aaral sa Senior High School |
| *In Love with God: Doing Theology for Students* | Jose De Mesa at Rebecca Cacho | Kontekstuwalisasyon sa Pilipinas ng teolohiya ukol sa Diyos Ama (*Theology Proper*), gamit ang konsepto ng "kagandahang-loob." |
| *Becoming Church, Being Sacrament: A Filipino Ecclesiology for College Students* | Jose De Mesa at Rebecca Cacho | Kontekstuwalisasyon ng eklesyolohiya at sakramento sa Pilipinas, gamit ang konsepto ng "samahan" at "bakas." Bahagi ito ng serye ng mga teksbuk para sa Senior High School. |
| *Ang Maganda sa Teolohiya* | Jose De Mesa, Estela Padilla, Levy Lanaria, Rebecca Cacho, Yuri Cipriano, George Capaque, Timoteo Gener | Aplikasyon ng Pilipinong konsepto ng "maganda" sa iba't ibang sangay ng sistematikong teolohiya tulad ng Kristolohiya, Teolohiya-Antropolohiya, Soteriolohiya, Eklesyolohiya, at Eskatolohiya |
| "Remembering and Reflecting on My Encounters with Catalino Arévalo: Theologian, Counsellor and Friend" | Georg Evers | Mga personal na pagbabahagi ni Evers ng kanyang mga alaala ukol kay Catalino Arevalo, bilang kanyang tribyut |
| *Toward a Theology of Struggle* | Eleazar S. Fernandez | Isa sa mga klasikong teksto sa *Theology of Struggle* (ToS), na lokalisadong bersyon ng *Liberation Theology* |
| Re-Rooting the Gospel in the Philippines: Roman Catholic and Evangelical Approaches to Contextualization | Timoteo Gener | Tesis masterado na nakatuon sa teolohiya nina Jose de Mesa at Melba Padilla Maggay bilang mga modelo ng kontekstuwalisasyon sa Pilipinas |
| "The Catholic Imagination and Popular Religion in Lowland Philippines: Missiological Significance of David Tracy's Theory of Religious Imaginations" | Timoteo Gener | Halaw mula sa kanyang disertasyon, aplikasyon ito ni Gener ng teorya ng Amerikanong teologong si David Tracy sa Pilipinong Katolikong konteksto. |

| Pamagat ng Akda | May-akda o Patnugot | Maikling Deskripsyon |
|---|---|---|
| *Asian Christian Theology: Evangelical Perspectives* | Timoteo D. Gener, Stephen Pardue | Kalipunan ng mga sanaysay na nagpopook sa Asyanong konteksto ng iba't ibang sub-disiplina ng teolohiya tulad ng Kristolohiya, Pneumatolohiya, Bibliolohiya, Eklesyolohiya, Eskatolohiya, at iba pa. |
| *The Earth is the Lord's: Reflections on Stewardship in the Asian Context* | Timoteo Gener, Adonis Abelard Gorospe | Kalipunan ng mga sanaysay patungkol sa pagiging mabuting katiwala ng kalikasan at kaperahan/ari-arian sa kontekstong Asyano |
| *Naming the Unknown God* | Adonis Abelard Gorospe | Pagbuo ng dialogo ng Kristiyanismo sa mga katutubong relihiyon ng Asya, patungkol sa kapaniwalaan sa reyalidad ng mga espiritu at espirituwal na daigdig |
| *Filipino Theology Today* | Vitaliano R. Gorospe | Mga pag-aaral at pagninilay ni Gorospe ukol sa estado ng Teolohiyang Pilipino sa kasalukuyan. |
| "Immersed in 'Words,' Immersed with People: Contribution of Manny Ginete, C.M. to the Local and Global Church" | Emiliano Q. Ibera III | Mga repleksyon ni Ibera sa buhay ni Manny Ginete, na naglalayong mapalitaw ang mga kontribusyon nitong huli sa simbahang Pilipino. Pangunahing binigyang-diin ang modelo ni Ginete ng pagbabalanse at pag-uugnay sa pagitan ng teoretikal na daigdig ng iskolarsyip at praktikal na pamumuhay ng mga tao. |
| *Masuyo at Malaya: Teolohiya ng Babaeng Asyano* | Marianne Katoppo | Isinalin ni Lualhati Bautista, mga repleksyon ito ng nobelista at feministang Indones na si Katoppo ukol sa halaga na maunawaan ang Kristiyanismo mula sa perspektibo ng isang Asyanong babae |
| *Morality, Religion, and the Filipino: Essays in Honor of Vitaliano R. Gorospe, S.J.* | Rene B. Javellana | *Festschrift* para kay Vitaliano Gorospe, naglalaman ito ng mga sanaysay ukol sa edukasyong pangrelihiyon, teolohiyang moral, *liberation theology*, at popular na relihiyon |

| Pamagat ng Akda | May-akda o Patnugot | Maikling Deskripsyon |
|---|---|---|
| *Theology in Context: A Case Study in the Philippines* | Dave Johnson | Pag-unawa sa mga kapaniwalaang pangrelihiyon ng mga Kristiyanong Waray, bilang isang halimbawa ng Teolohiyang Pilipino. |
| *"Uwi na Tayo:" Towards a Lay-Centered Filipino Church as Pamilya ng Diyos* | Levy Lanaria | Pagsasa-Pilipino ng eklesiolohiya gamit ang konsepto ng "pamilya" |
| *Paano Maging Pilipinong Kristiano* | Ed Lapiz | Isang bi-lingguwal na aklat na naggigiit ng mga dahilan kung bakit mahalagang ipook ang pananampalatayang Kristiyano sa kontekstong Pilipino |
| *Transforming Society: Reflections on the Kingdom and Politics* | Melba Padilla Maggay | Mga pagmumuni-muni sa isyu ng katarungang panlipunan mula sa Ebanghelikal na Kristiyanong perspektiba |
| "Interdisciplinarity as a Means of Doing Theology: Jose Mario Francisco and His Writings" | Ruben C. Mendoza | Pagbibigay-diin ni Mendoza sa interdisiplinaridad bilang ambag sa Teolohiyang Pilipino ni Jose Mario Francisco, na lumahok at nag-ugnay-ugnay sa samu't saring disiplina tulad ng Kristolohiya, panitikan, araling pangrelihiyon, hermeneutika, at pagsasalin. |
| *Buting Pinoy: Probe Essays on Value as Filipino* | Dionisio Miranda | Isa sa maraming akda ni Miranda sa larangan ng moral na teolohiya, pinagtuunan niya rito ng pansin ang konsepto ng "buti" bilang kontekstuwalisasyon ng *values* sa kulturang Pilipino. |
| "Emancipating Religion from Religion: Reflections on the Contribution of Karl Gaspar, CSSR" | Randy J.C. Odchigue | Pagpapahalaga sa mga ambag ni Karl Gaspar sa Teolohiyang Pilipino, partikular na ang kanyang mga pag-aaral ukol sa Mindanao, mga lumad, at mahihirap bilang mga marhinalisadong pangkat. |

| Pamagat ng Akda | May-akda o Patnugot | Maikling Deskripsyon |
|---|---|---|
| Ang Mabathalang Pag-aaral sa Ministri ng Pamumuno bilang 'Punong Kadaupang-Palad' at ang Teolohiya sa Ministri ni E. Schillebeeckx: Isang Pag-uusap | Estela Padilla | Disertasyon ni Estela Padilla, na nakatuon sa aplikasyon niya ng Mabathalang Pag-aaral ni Jose de Mesa at kaisipan ng Belgianong teologong si Edward Schillebeeckx sa paksa ng pamumuno |
| "A Woman of Substance: Sr. Corazon P. Manalo, DC." | Manuel R. Pajarillo | Tribyut kay Corazon Manalo, bilang isa sa mga kasaping tagapagtatag ng Damdaming Katoliko sa Teolohiya (DAKATEO). |
| "Myth, Science and Theology: The Theological Journey of Jimmy Belita, C.M" | Daniel Franklin Pilario | Pagpapahalaga sa mga ambag ni Jimmy Belita sa samu't saring paksang kanyang nilahukan tulad ng liturhiya, sakramento, araling pangrelihiyon, at popular na relihiyon. |
| "The Death and Resurrection of Christ from the Lenses of a Folk Bisaya" | Kelvene Requiroso | Nailimbag sa aklat na *The Bible in the 21st Century Philippine Context*, pinag-aralan nito ang isang halimbawa ng lokal na teolohiya sa Pilipinas, partikular na ang pananaw ng kulturang Bisaya sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo. |
| *Light to the World: The Vision of Fr. Raul J. Bonoan, S.J.* | Soledad Reyes | Tinipon na antolohiya ng mga akda ni Raul Bonoan bilang isang Heswitang teologo. Naglalaman ito ng mga sanaysay ukol sa buhay-pari, espiritwalidad, edukasyon sa pagpapakatao, Jose Rizal, Bikol, pagiging administrador, at iba pa. |
| *God at the Borders: Globalization, Migration and Diaspora* | Charles R. Ringma, Athena E. Gorospe, Karen Hollenbeck-Wuest | Koleksyon ng mga sanaysay na naglalaman ng mga teolohikal na repleksyon ukol sa isyu ng migrasyong Asyano sa panahon ng globalisasyon. |
| *Walking with God: Christian Spirituality in the Asian Context* | Charles R. Ringma, Karen Hollenbeck-Wuest | Pagtalakay sa espirituwalidad sa Asyanong konteksto, partikular sa mga paksa ng sakuna, kalikasan, kahirapan, dalamhati, at iba pa. |

| Pamagat ng Akda | May-akda o Patnugot | Maikling Deskripsyon |
|---|---|---|
| "The Gospel in the Filipino Context: José M. de Mesa and Melba P. Maggay" | Andrea Roldan | Pagtalakay sa kontekstuwalisasyon ng teolohiya sa Pilipinas gamit ang modelo nina Jose de Mesa at Melba Padilla Maggay. |
| *Rowers*, Vol. 20: Theology in the Service of the Life and Mission of the Church in the Philippines; A Festschrift in Honor of Rev. Msgr. Sabino A. Vengco, Jr., H.P., S.Th.D. | Aidref R. Ronquillo | Espesyal na isyu ng dyornal na Rowers, na alay-parangal para kay Sabino Vengco, isa sa mga Pilipinong teologo na nangunguna sa pagteteolohiya sa wikang pambansa |
| *Ang Kristiyanismo ay Rebolusyonaryo* | Pedro Salgado | Pagtalakay sa ilang mga pangunahing doktrina ng simbahang Katoliko, at ang radikal na implikasyon ng mga katuruang ito sa lipunan at usapin ng katarungan |
| *Turning Our Shame into Honor: Transformation of the Filipino Hiya in the light of Mark's Gospel* | Narry Santos | Pagbasa sa Ebanghelyo ni Marcos gamit ang Pilipinong konsepto ng "hiya" bilang pangunahing hermeneutikal na kasangkapan. |
| "The Chinese Dragon, God's 'Flolicking' Dragon and the Cross of Christ" | Amanda Shao Tan | Pag-uugnay sa pagitan ng dragon sa kulturang Tsino at dragon sa Biblia (Leviathan), tungo sa kontekstuwalisasyon ng Kristiyanismo sa kontekstong Tsino/Tsinoy. |
| *Theologies of Social Transformation: Exploration and Appraisal of Three Filipino Methodist Theologians* | Wilfredo Tangunan | Eksposisyon ni Tangunan sa kaisipan ng tatlong pangunahing Metodistang teologo sa Pilipinas na sina Emerito P. Nacpil, Daniel Arichea, Jr., at Elizabeth Tapia. |
| *Theology in the Philippine Setting: A Case Study in the Contextualization of Theology* | Rodrigo D. Tano | Eksposisyon ni Tano sa kaisipan ng mga Pilipinong teologo na sina Catalino Arevalo, Carlos Abesamis, Edicio dela Torre, Vitaliano Gorospe, at Emerito Nacpil, sa layuning maipakita ang hitsura at estado ng Teolohiyang Pilipino. |
| *Si Santo Tomas de Aquino at mga Isyung Panrelihiyon sa Lipunang Filipino Ngayon* | Manuel M. Tejido | Pagsasalin ni Tejido ng mga sulatin ni Santo Tomas de Aquino, at pagtingin sa mga aplikasyon at implikasyon nito sa kontekstong Pilipino |

| Pamagat ng Akda | May-akda o Patnugot | Maikling Deskripsyon |
|---|---|---|
| "'My God, My God, Why Have You Forsaken Me?' Christology Amid Disasters" | Federico Villanueva | Mga teolohikal na repleksyon ni Villanueva sa pagdurusa ng mga Pilipino sa harap ng delubyong iniwan ng Bagyong Yolanda, at pag-uugnay rito ng mismong paghihirap ni Kristo sa krus. |
| "Dalamhati at Luwalhati: Kahalagahan ng Wika sa Theology" | Federico Villanueva | Pangangatwiran sa kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino sa pagteteolohiya. Ginamit bilang kasong pag-aaral ang paglalapat sa konsepto ng dalamhati at luwalhati sa teolohiya ng emosyon. |
| *The Church and Poverty in Asia* | Lee Wanak | Bahagi ng serye ng mga aklat ng Asian Theological Seminary sa Teolohiyang Asyano, nakatuon ito sa mga repleksyon ukol sa misyon at responsibilidad ng simbahan sa gitna ng kaliwa't kanang kahirapan sa Asya, partikular na sa Pilipinas. |

Binubuo ang talaang ito ng 50 akda, na kinapapalooban ng 31 aklat, 4 kabanata sa mga aklat, 12 artikulo sa mga dyornal, 2 tesis/disertasyon, at 1 buong isyu ng dyornal. Pinagsunud-sunod ito sa paraang alpabetikal. *Randomized* ang ginawang pagpili sa magiging kabilang sa 50 akda. Ang kinonsidera lamang ay ang pagiging pasok nila sa anuman sa 10 tipo sa mungkahing tipolohiya. Isa pang konsiderasyon ay ang pagiging aksesibol ng mga ito. Mayorya sa mga aklat ay mula sa personal na koleksyon ng may-akda, habang marami sa mga artikulo sa dyornal ay *open-accessed*.

## Tipolohiya batay sa Wika

Ang pag-uuri-uri ng tipolohiya batay sa wika ay ibinatay sa klasipikasyon ni Zeus Salazar ng mga pananaw sa pag-aaral sa kasaysayang Pilipino: pangkayong pananaw, pangkaming pananaw, pansilang pananaw, at pantayong pananaw.[8] Para sa pagbuo ng ganitong klasipikasyon, ginamit niya ang mga panghalip panao na kayo, kami, sila, at tayo. Dinagdagan niya ang mga panghalip na ito ng unlaping "pan/g-." Mga neolohismo ang naibunga nito,

8 Para sa paliwanag mismo ni Salazar sa pagkakaiba ng apat, tingnan ang Zeus A. Salazar, "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan," *Daluyan* Espesyal na Isyu no. 1 (2015): 55-78.

dahil hindi likas na ginagamit ng mga tagapagsalita ng Filipino ang panghalip panao na mayroong unlaping "pan/g-." Mga modelong pangkomunikasyon ang apat na ito na inilapat sa larangan ng kasaysayan. Nagkakaiba-iba ang apat na ito alinsunod sa kung sino ang nakikipag-usap, ano ang pinag-uusapan, ano ang wikang ginagamit sa pakikipag-usap, at sino ang kinakausap. Narito sa ibaba ang talahanayan na nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng apat:[9]

| | Nakikipag-usap | Pinag-uusapan | Wika | Kinakausap |
|---|---|---|---|---|
| Pangkayong pananaw | Pilipino | Banyaga | Banyaga | Banyaga |
| Pansilang pananaw | Pilipino | Banyaga | Pilipino | Pilipino |
| Pangkaming pananaw | Pilipino | Pilipino | Banyaga | Banyaga |
| Pantayong pananaw | Pilipino | Pilipino | Pilipino | Pilipino |

Tatlo lamang sa mga ito ang ating ilalapat sa Teolohiyang Pilipino: pansila, pangkami, at pantayo. Ito'y sapagkat wala nang kinalaman sa Teolohiyang Pilipino ang pangkayong pananaw. Tumutukoy kasi ang pangkayong pananaw sa pagpapaliwanag ng isang Pilipino sa isang banyaga ukol sa kanilang banyagang lipunan gamit ang wikang banyaga. Kung ilalapat sa teolohiya, ang maaaring ihalimbawa ay ganito: ipinapaliwanag ng isang Pilipinong iskolar ang kaisipan ng Alemang teologo na si Martin Luther sa mga Aleman gamit ang wikang Aleman. Liban sa Pilipino ang nagsasalita (na malamang ay mas banyaga na ang kamalayan), wala nang kahit na ano pang pagka-Pilipino sa halimbawang ito ng pangkayong pananaw.

Tumutukoy ang pangkaming pananaw sa pagpapaliwanag ng Pilipino sa banyaga ukol sa lipunang Pilipino gamit ang wika ng mga banyaga ("ganito kaming mga Pilipino"). Kapag inilapat sa teolohiya, saklaw ng matataguriang "Teolohiyang Pangkami" ang mga akdang teolohikal na isinulat ng mga Pilipino sa banyagang wika (pangunahin na sa wikang Ingles), kung saan ang nilalayon nitong mambabasa ay mga banyaga o mga Pilipinong may banyagang kamalayan. Mayorya ng mga akda sa Teolohiyang Pilipino ay nakapaloob sa kategoryang ito. Karamihan sa mga akda ng mga pangunahing tagapagtaguyod ng Teolohiyang Pilipino (tulad nina Melba Padilla Maggay, Leonardo Mercado, Dionisio Miranda, Rodrigo Tano, at iba pa) ay puro nasa wikang Ingles. Sa katunayan, kahit na si Jose de Mesa mismo, na pinakaproduktibo na marahil pagdating sa pagteteolohiya sa wikang Filipino, ay mas marami pa ring isinulat na akda sa Ingles. Sa antolohiya ng kanyang mga akda na *Jose M. de Mesa: A Theological Reader,* mayroong nakalakip sa bandang dulo na bibliograpiya ng

9 Bahagyang hinalaw mula sa "Talahanayan 1: Pananaw at Talastasan sa Kasaysayan ng Kasaysayan" na nasa Atoy M. Navarro, *Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2000), 10.

mga publikasyon ni de Mesa.[10] Sa 20 aklat na nakalista sa bibliograpiya mula 1974 hanggang 2014, 15 ang nakasulat sa Ingles, isa ang nakasalin sa Aleman, at apat lamang ang nasa wikang Filipino.[11]

Tumutukoy naman ang pansilang pananaw sa pagpapaliwanag ng Pilipino sa kapwa Pilipino ukol sa banyagang lipunan gamit ang wikang Filipino ("ganito silang mga banyaga"). Kapag inilapat sa teolohiya, saklaw ng "Teolohiyang Pansila" ang mga akdang isinulat ng mga Pilipino ukol sa mga banyagang sistemang teolohikal, na nakasulat sa wikang Filipino. Liban dito, saklaw din nito ang lahat ng pagsasalin sa wikang Filipino ng mga banyagang akdang teolohikal. Isinasama rito sa Teolohiyang Pansila ang mga salin dahil sa ideya na lahat ng banyagang kaalamang isinasalin sa sariling wika ay naaangkin na natin at nagiging bahagi na ng totalidad ng ating kalinangan.[12] Sa hanay ng tatlong tipo sa loob ng tipolohiya batay sa wika, itong Teolohiyang Pansila ang may pinakamaliit na produksyon. Mahirap ang makahanap ng akda ng mga Pilipino sa wikang pambansa ukol sa banyagang teolohiya. Mas madaling maghanap ng pagsasalin sa Filipino ng mga banyagang akdang teolohikal. Ngunit kahit na itong huling nabanggit ay may napakakakarimpot ding bilang. Sa katunayan, sa isang bibliograpiya ng Teolohiyang Pilipino na aking tinipon na naglalaman ng 185 entri, 2 lamang ang salin sa wikang Filipino ng mga akdang banyaga, at 1 entri lamang ang akda ng Pilipino ukol sa banyagang sistemang teolohikal.[13] Siyempre ay hindi naman kumpleto ang bibliograpiyang ito, kaya hindi lahat ng pagsasalin sa Filipino at orihinal na akdang Pilipino ukol sa banyagang teolohiya ay naisama rito. Gayunman, ilustratibo pa rin ang numerong ito sa kakarimpot na produksyon sa larangang ito. Ang 2 salin na nasa bibliograpiya ay ang mga sumusunod: salin ni Lualhati Bautista ng aklat ng feministang teologong Indones na si Marianne Katoppo,[14] at salin ni Antonio Romualdez ng artikulo ni Hugo Assmann na tagapagsulong ng

10 Jose M. de Mesa, *Jose M. de Mesa: A Theological Reader* (Manila: De La Salle University Publishing House, 2016), 529-535.

11 Una ko nang nabanggit ang puntong ito sa "Adequate but not Enough: A Filipino Reflection on the Triune God ni Jose de Mesa," na nasa Mark Joseph Pascua Santos, *19 Rebyu Kontra COVID-19: Kalipunan ng mga Panunuring-aklat sa Agham Panlipunan, Teolohiya at Panitikan* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2021), 104-105.

12 Zeus A. Salazar, "Mula sa Patnugot," nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak,* pat. Zeus A. Salazar (Quezon City: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974), ix-x.

13 Bahagi ito ng isang papel na kasalukuyang isinusulat, Mark Joseph Pascua Santos, "Pilipinisasyon: Isang Bibliograpiya" ('di limbag na manuskrito).

14 Marianne Katoppo, *Masuyo at Malaya: Teolohiya ng Babaeng Asyano,* salin ni Lualhati Bautista (Manila: Solidarity Foundation, Inc., 1991).

*liberation theology* sa Brazil.[15] Ang nag-iisang akdang Pilipino ukol sa banyagang teolohiya na nasa bibliograpiya ay ang artikulo ni Raul Bonoan ukol sa *liberation theology* na may titulong "Ang Pagbabago sa Teolohiya."[16]

Samantala, ang pantayong pananaw ay pagpapaliwanag ng Pilipino sa kapwa Pilipino ukol sa lipunang Pilipino gamit ang wikang Filipino ("ganito tayong mga Pilipino"). Sa teolohiya, ang anyo nito ay "Teolohiyang Pantayo" na sumasaklaw sa mga akdang teolohikal na isinulat ng mga Pilipino ukol sa teolohiya sa Pilipinas, na nasa wikang Filipino, kung saan ang nilalayon nitong mambabasa ay mga kapwa Filipino (o mga banyagang natuto ng wikang Filipino at samakatuwid ay nakapasok na sa talastasang bayan). Ilan sa mga akda ni de Mesa ay pasok sa kategoryang ito, tulad ng kanyang *Mga Aral sa Daan: Dulog at Paraang Kultural sa Kristolohiya,*[17] *Isang Maiksing Katesismo,*[18] at *Mabathalang Pag-aaral.*[19] Sa hanay ng tatlong tipolohiya, itong Teolohiyang Pantayo ang pinakadapat atupagin ng mga Pilipinong teologo para sa pagbuo ng isang mas organikong pagteteolohiya. Sa matagal na panahon, nasanay ang mga teologong Pilipino na gamitin lamang ang wikang Filipino bilang batis ng mga dalumat sa pagteteolohiya, ngunit matapos hugutin mula sa wikang Filipino ang mga dalumat-teolohikal na ito, iniuulat ang mga ito sa anyo ng mga aklat gamit ang wikang Ingles. Mas organiko at mas makatwiran ang mabubuong talastasang teolohikal kung ang mga datos na hinugot mula sa wika-at-kalinangang Pilipino ay iuulat din pabalik sa bayan gamit mismo ang wikang Filipino, ang wikang pinakanauunawaan ng bayan.

## Tipolohiya batay sa Metodo

Ang bahaging ito ng mungkahing tipolohiya ay humugot ng inspirasyon mula sa isa pang akda ni de Mesa na *Why Theology is Never Far From Home*,[20] na maaaring ituring na isa sa pinakamainam na pagbubuod ng kanyang kaisipang teolohikal. Sa aklat na ito, inilahad ni de Mesa na may dalawang magkaibang tradisyon ng pagteteolohiya sa Pilipinas. Ang isa ay nakabatay sa

15 Hugo Assmann, "Ang Teolohiya ng Pagpapalaya," salin ni Antonio V. Romualdez, *Katipunan: Dyurnal ng Panlipunang Sining at Agham* 1, no. 2 (April 1971): 53-61.

16 Raul Bonoan, "Ang Pagbabago sa Teolohiya," *Katipunan: Dyurnal ng Panlipunang Sining at Agham* vol. 1, no. 2 (April 1971): 45-52.

17 Jose M. De Mesa, *Mga Aral sa Daan: Dulog at Paraang Kultural sa Kristolohiya* (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2004).

18 Jose M. De Mesa, *Isang Maiksing Katesismo* (Philippines: Aklat Ginhawa, 2011).

19 Jose M. De Mesa, *Mabathalang Pag-aaral* (Manila: Vibal-DLSU, 2014).

20 Jose M. De Mesa, *Why Theology is Never Far from Home* (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2004).

pagsusuring pangkalinangan, na may tendensyang tumuon sa mga elemento ng pagkakakilanlang Pilipino. Ang ikalawa naman ay nakabatay sa pagsusuring panlipunan, na nagbibigay-diin sa pagkritika sa mga istrukturang panlipunan na nagsasanhi ng kaapihan ng mga marhinalisadong Pilipino. Ang unang tradisyon ay nais kong taguriang "Teolohiyang Pangkalinangan," habang "Teolohiyang Panlipunan" naman ang itataguri ko sa ikalawang tinukoy ni de Mesa.

Nakapaloob sa Teolohiyang Pangkalinangan ang mga akdang gumagamit ng mga dalumat mula sa kulturang Pilipino bilang sangkap sa pagteteolohiya. Si de Mesa rin ang pinakakilalang proponente ng ganitong metodo. Sa serye ng mga teksbuk na inilathala ng St. Scholastica's College, sumulat sina de Mesa at Rebecca Cacho ukol sa iba't ibang sublarangan ng teolohiya, kung saan puro Pilipinong dalumat ang kanilang ginamit. Sa aklat na patungkol sa Kristolohiya, kinasangkapan nila ang dalumat ng "kaibigan" at "daan" upang ipaliwanag ang pakikipagrelasyon ng tao kay Kristo.[21] Sa *theology proper* o pangkabuuang tutok sa Diyos, inilapat nila ang dalumat o konsepto ng "kagandahang loob."[22] Sa eklesiolohiya o pag-aaral ukol sa simbahan, "samahan" at "bakas" ang napili nina de Mesa at Cacho.[23] Sa larangan naman ng etika, inilapat nila sa pagteteolohiya ang dalumat ng "maganda."[24] Bukod kay de Mesa at Cacho, marami pang ibang teologo na gumamit ng ganitong dulog sa pagteteolohiya. Nariyan ang paglalapat ni Narry Santos sa dalumat ng "hiya" para sa pag-interpreta sa Ebanghelyo ni Marcos;[25] paggamit ni Dionisio Miranda sa "buti" para sa pag-unawa sa halagahing Pilipino;[26] paglalapat ni Federico Villanueva ng konsepto ng "dalamhati" at "luwalhati" sa mga panalangin ng lamentasyon,[27] at pagpili rin ni Villanueva sa dalumat ng "tampo" upang maglatag ng Kristolohiya sa

---

21 Jose M. De Mesa at Rebecca G. Cacho, *Jesus: God's Way of Friendship* (Quezon City: C&E Publishing Inc., 2017).

22 Jose M. De Mesa at Rebecca B. Cacho, *In Love with God: Doing Theology for Students* (Manila: St. Scholastica's College, 2012).

23 Jose M. De Mesa at Rebecca B. Cacho, *Becoming Church, Being Sacrament: A Filipino Ecclesiology for College Students* (Manila: St. Scholastica's College, 2012).

24 Jose M. De Mesa at Rebecca G. Cacho, *When Beauty Reckons: Theological Ethics of Filipino Aesthetics* (Manila: St. Scholastica's College, 2012).

25 Narry F. Santos, *Turning Our Shame into Honor: Transformation of the Filipino Hiya in the Light of Mark's Gospel* (Philippines: LifeChange Publishing Inc., 2003).

26 Dionisio M. Miranda, *Buting Pinoy: Probe Essays on Value as Filipino* (Manila: Logos Publications, 1992).

27 Federico G. Villanueva, "Dalamhati at Luwalhati: Kahalagahan ng Wika sa Theology," *Philippine Journal of Religious Studies* 4 (2014): 1-17.

harap ng mga sakuna sa Pilipinas.[28] Napakarami pang halimbawa ng ganitong mga akda na wala na tayong espasyo upang isa-isahin.

Sa kabilang banda, nakapaloob naman sa Teolohiyang Panlipunan ang mga akdang teolohikal na nagbibigay-diin sa pagbatikos sa mga mapaniil na sistemang panlipunan. Kadalasang nakatuon ito sa isyu ng kahirapan, inhustisya, at korapsyon, kung saan mayroong madalas na diin sa dimensyon ng tunggalian ng mga uring panlipunan. Mainam na halimbawa nito ang bugkos ng mga literaturang naiprodyus sa konteksto ng *Theology of Struggle*, na pagsasakatutubo ng Latin Amerikanong *Liberation Theology* (kung saan ang diin ay mas nasa proseso ng pakikibaka kaysa pinal na hantungan ng paglaya). Ilan sa maituturing na mga manipesto ng kilusang ito ang *Toward a Theology of Struggle* ni Eleazar S. Fernandez,[29] at ang *Touching Ground, Taking Root: Theological and Political Reflections on the Philippine Struggle* ni Edicio de la Torre.[30] Bukod sa mga akdang ito na umiinog sa teolohiya ng pakikibaka, magandang halimbawa rin ang *Transforming Society* ni Melba Maggay,[31] na tila isang praymer sa pampulitikang pakikilahok ng mga Kristiyanong Pilipino. Mahalaga ring mabanggit ang *Ang Kristiyanismo ay Rebolusyonaryo* ni Pedro Salgado, na tulad ng ibang pangkaraniwang doktrinal na aklat ay tumatalakay rin sa mga pangunahing katuruan ng simbahan, ngunit ang pagkakaiba nito ay binibigyang-diin ni Salgado ang radikal na implikasyon sa lipunan ng mga katuruang ito.[32] Sa Kristolohiya naman, ang pinakaklasikong halimbawa ng Teolohiyang Panlipunan ay ang *The Christology of the Inarticulate* ni Benigno Beltran.[33]

28 Federico Villanueva, "'My God, My God, Why Have You Forsaken Me? 'Christology Amid Disasters," nasa *Christologies, Cultures, and Religions: Portraits of Christ in the Philippines*, mga pat. Pascal D. Bazzell at Aldrin Peñamora (Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asia Theological Association, 2016), 78–86.

29 Eleazar S. Fernandez, *Toward a Theology of Struggle* (Eugene, Oregon: Wipf and Stock Publishers, 1994).

30 Edicio De la Torre, *Touching Ground, Taking Root: Theological and Political Reflections on the Philippine Struggle* (Quezon City: Socio-Pastoral Institute Philippines, 1986).

31 Melba Padilla Maggay, *Transforming Society: Reflections on the Kingdom and Politics* (United Kingdom: Regnum Books, 1996).

32 Pedro Salgado, *Ang Kristiyanismo ay Rebolusyonaryo* (n.p., 1989).

33 Benigno P. Beltran, *The Christology of the Inarticulate: An Inquiry into the Filipino Understanding of Jesus the Christ* (Manila: Divine Word Publications, 1987).

## Tipolohiya batay sa Espasyong Heyograpikal

Ang tatlong tipolohiya na nakapaloob sa bahaging ito ay hinalaw sa klase sa pilosopiya ng kasaysayan ni Salazar, nang imbitahan siyang magturo bilang panauhing propesor sa Departamento ng Kasaysayan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas noong 2018 at 2019. Sa paghawak ng kursong pilosopiya ng kasaysayan, hinati niya ang buong silabus sa apat na kategorya. Para sa kanya, may apat na uri ng pilosopiya ng kasaysayan batay sa apat na espasyong heyograpikal: 1. pilosopiya ng kasaysayang pampook, 2. pilosopiya ng kasaysayang pambansa, 3. pilosopiya ng kasaysayang rehiyunal, at 4. pilosopiya ng kasaysayang pandaigdig. Ang klaseng ito ni Salazar sa PUP ay nagbigay-daan kalaunan para sa publikasyon ng apat na aklat, na patungkol sa apat na uri ng pilosopiya ng kasaysayan.[34]

Kapag inilapat sa teolohiya, ang kahihinatnan ng mga heyograpikal na dibisyong ito ay ganito: 1. Teolohiyang Lokal, 2. Teolohiyang Pambansa, 3. Teolohiyang Asyano, at 4. Teolohiyang Pandaigdig. Ngunit ang naunang tatlo lamang ang kukunin natin bilang mga tipolohiya sa ilalim ng aspektong ito. Hindi natin isasama ang Teolohiyang Pandaigdig dahil lagpas na ito sa kasaklawan ng Teolohiyang Pilipino. Ngunit isasama natin ang Teolohiyang Asyano, dahil sa umiiral na mga diskursong teolohikal sa Pilipinas, madalas na ipinapailalim ang Teolohiyang Pilipino sa ilalim ng Teolohiyang Asyano. Iniuugnay rin kadalasan ang Teolohiyang Pilipino sa iba pang kontekstuwal na teolohiya ng mga bansa sa Asya. Liban pa ito sa katotohanang marami na rin ang produksyon ng mga Pilipinong teologo ukol sa Teolohiyang Asyano.

Nakapailalim sa Teolohiyang Lokal ang mga teolohikal na pormulasyong nakatutok sa iba't ibang konteksto sa loob ng Pilipinas. Sa artikulong "A Locus for Doing Local Theologies" ni E. Acoba, iginiit niya na kinakailangan ng maramihang anyo ng pagteteolohiya sa halip na tumuon sa iisang "Teolohiyang Pilipino." Napakarami umanong konteksto sa loob ng Pilipinas, at bawat

34 John Adrianfer Atienza et al., mga pat. *Loob: Ang Saklaw ng Kasaysayan ng Bansa; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019); Rizza Mae Soledad et al., mga pat., *Pilosopiya ng Kasaysayang Pambansa; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019); Alexander P. Asumbrado et al., mga pat., *Ang Pilosopiya ng Kasaysayang Rehiyunal; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019); at Nikko Jay B. Ramos et al., mga pat. *Ang Pilosopiya ng Kasaysayang Pandaigdig; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar.* Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019.

kontekstong iyon ay may sari-sariling anyo ng pagteteolohiya.[35] Iba't iba ang tinutukoy sa mga "konteksto" na ito ng Teolohiyang Lokal. Maaaring ang konteksto ay isang pook o lokalidad sa loob ng bansa. Maaaring ihalimbawa rito ang *Theology in Context: A Case Study in the Philippines* ni Dave Johnson,[36] kung saan pinag-aralan niya ang teolohiya ng mga Waray bilang isang halimbawa ng pagteteolohiya sa Pilipinas. Isa pang halimbawa ang artikulo ni Kelvene Requiroso ukol sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus mula sa punto-de-bistang Bisaya.[37] Bukod sa mga pook, maaari ring nasa anyo ng iba't ibang sektor (hal. lahi, uri, kasarian) ang Teolohiyang Lokal. Isang halimbawa rito ang artikulo ni Amanda Shao Tan ukol sa pagteteolohiya sa simbolismo ng dragon sa hanay ng mga Tsinoy sa bansa.[38] Taliwas sa inaakala ng ilan, hindi kailangang pagbanggain ang Teolohiyang Pambansa at Teolohiyang Lokal. Sa halip, mas mapapagyaman pa nga ng Teolohiyang Lokal ang Teolohiyang Pambansa.

Samantala, ang nabanggit nang Teolohiyang Pambansa ang naglalaman ng pinakamaraming publikasyon sa Teolohiyang Pilipino. Saklaw nito ang mga akda na sinusubukang mapanglahat na ilatag ang teolohikal na pagkakatulad-tulad sa buong kapuluan. Madalas na mayroong pang-uring "F/Pilipino" ang pamagat ng ganitong uri ng mga akda, tulad na lamang ng *Filipino Theology Today* ni Vitaliano Gorospe,[39] *Paano Maging Pilipinong Kristiano* ni Ed Lapiz,[40] at *"Uwi na Tayo:" Towards a Lay-centered Filipino Church as Pamilya ng Diyos* ni Levy Lanaria.[41]

35 E. Acoba, "A Locus for Doing Local Theologies: Theological Stories at the Frontlines of Grassroots Missions Engagement," nasa *Doing Theology in the Philippines*, pat. John Suk (Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2005), 24-36.

36 Dave Johnson, *Theology in Context: A Case Study in the Philippines* (Oregon: Wipf & Stock, 2013).

37 Kelvene Requiroso, "The Death and Resurrection of Christ from the Lenses of a Folk Bisaya," nasa *The Bible in the 21st Century Philippine Context,* mga pat. E.B. Ebojo, D.C. Monera, at R.U. Yu (Manila: Philippine Bible Society, 2008), 315-331.

38 Amanda Shao Tan, "The Chinese Dragon, God's 'Flolicking' Dragon and the Cross of Christ," nasa *The Gospel in Culture: Contextualization Issues Through Asian Eyes*, pat. Melba Padilla Maggay (Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2013), 334-376.

39 Vitaliano R. Gorospe, pat., *Filipino Theology Today,* Budhi Papers 3 (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1978).

40 Ed Lapiz, *Paano Maging Pilipinong Kristiano (Becoming a Filipino Christian).* (Manila: Kaloob, 1997).

41 Levy Lanaria, *"Uwi na Tayo:" Towards a Lay-Centered Filipino Church as Pamilya ng Diyos* (Cebu: University of San Carlos Press, 2011).

Tulad ng nabanggit na, bahagi na rin ng Teolohiyang Pilipino ang Teolohiyang Asyano dahil sa malaking pakikibahagi ng mga Pilipinong teologo sa pagpapalago ng Teolohiyang Asyano. Isa sa pinakanangungunang institusyon sa bansa na nagtataguyod ng Teolohiyang Asyano ay ang Asian Theological Seminary (ATS). Naglabas noon ng serye ng mga publikasyon ang ATS ukol sa Teolohiyang Asyano, na nagmula sa kanilang taunang kumperensya. Samu't saring tema sa Teolohiyang Asyano ang naging paksa ng kanilang mga publikasyon, gaya ng kahirapan sa Asya,[42] migrasyon sa Asya,[43] espirituwalidad sa Asya,[44] mga relihiyon sa Asya,[45] at kalikasan sa Asya.[46] Malaki ang naging papel dito ng dating pangulo ng ATS, si Timoteo Gener, na isa rin sa kasalukuyang Pilipinong teologo na pinakaproduktibo sa paglilimbag ukol sa Teolohiyang Asyano. Pinatnugutan niya, kasama si Stephen Pardue, noong 2019 ang isang aklat sa Teolohiyang Asyano mula sa Ebanghelikal na pananaw.[47] Bukod sa mga Pilipinong teologo, kasama ring nag-ambag sa aklat na ito ang mga teologong Indiano, Koreano, Israeli, Sri Lankan, Singaporean, Malaysian, at Tsino.

## Tipolohiya batay sa Eksposisyon

Ang bahaging ito ay nais kong maging sariling orihinal na ambag sa mungkahing tipolohiya. Tumutukoy ang "eksposisyon" sa pagpapalitaw sa kaisipan ng mga pantas sa pamamagitan ng masusing paghihimay-himay sa kanilang mga isinulat na teksto. Saklaw rin ng gawain ng eksposisyon ang paglalagom, pagsusuri, pagpapahalaga, pagkritika, paghanap ng mga padron (*pattern*), at pagpansin sa mga diin at katahimikan sa mga teksto ng pantas. Sa artikulong "Sarili, Kaugnay, Iba: Isang Eksposisyon sa Kapantasan ni Atoy

42 Lee Wanak, pat., *The Church and Poverty in Asia* (Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2008).

43 Charles R. Ringma et al., mga pat., *God at the Borders: Globalization, Migration and Diaspora* (Mandaluyong: OMF Literature Inc., and Quezon City: Asian Theological Seminary, 2015).

44 Charles R. Ringma at Karen Hollenbeck-Wuest, *Walking with God: Christian Spirituality in the Asian Context* (Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2014).

45 Adonis Abelard O. Gorospe, pat., *Naming the Unknown God* (Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2006).

46 Timoteo D. Gener at Adonis Abelard Gorospe, mga pat., *The Earth is the Lord's: Reflections on Stewardship in the Asian Context* (Mandaluyong: OMF Literature Inc., and Quezon City: Asian Theological Seminary, 2011).

47 Timoteo D. Gener at Stephen Pardue, mga pat., *Asian Christian Theology: Evangelical Perspectives* (Carlisle, UK: Langham Global Library, 2019).

Navarro sa Araling Kabanwahan,"[48] ipinaliwanag ko ang gawain ng eksposisyon, at binaybay ang ilang mga umiiral na eksposisyon sa kaisipan ng mga Pilipinong pantas mula sa iba't ibang larangan tulad ng kasaysayan, pilosopiya, panitikan, agham pampulitika, at iba pa. Ang pagsasagawa ng eksposisyon ay makatutulong para sa pagbuo ng "kasaysayang kapantasan" o kasaysayang intelektuwal ng mga akademikong larangan. Kapag pinagsama-sama ang eksposisyon sa iba't ibang pantas sa loob ng isang larangan, mas uunlad ang kasaysayang kapantasan ng larangang iyon. Halimbawa, sa panitikan, mas lalago ang kasaysayang kapantasan ng panitikan sa Pilipinas, kung isa-isang gagawan ng eksposisyon ang mga Pilipinong pantas ng panitikan tulad nina Bienvenido Lumbera, E. San Juan, F. Sionil Jose, Lualhati Bautista, Ricky Lee, at iba pa.

Kapag inilapat sa teolohiya, mayroong dalawang tipo na nakapaloob sa aspektong ito: 1. eksposisyon sa sistemang teolohikal ng mga Pilipinong pantas, at 2. eksposisyon sa sistemang teolohikal ng mga banyagang pantas.

Ang isa sa pinakamaagang nailimbag na aklat sa loob ng tipo na ito ay ang *Theology in the Philippine Setting* ni Rodrigo Tano noong 1981,[49] na halaw sa kanyang disertasyon sa Baylor University. Sa aklat na ito, nagsagawa siya ng masusing pagsusuri sa teolohiya ng ilang nangungunang Pilipinong teologo noong dekada '70 tulad nina Catalino Arevalo, Edicio de la Torre, Carlos Abesamis, Vitaliano Gorospe, at Emerito Nacpil. Si Jose de Mesa at Melba Padilla Maggay naman ang pinaksa ni Timoteo Gener sa kanyang tesis masterado sa Institute for Christian Studies, Canada noong 1998.[50] Sa isa namang mas maikling artikulo, kaisipang teolohikal din nina de Mesa at Maggay ang naging tuon ni Andrea Roldan.[51] Noong 2004 naman, lumitaw ang nabanggit nang *The Rise of Filipino Theology* nina Tesoro at Jose.[52] Hanggang sa kasalukuyan, ito ang may pinakamaraming teologong Pilipino na tinalakay sa loob ng iisang aklat: 36 teologo (bagaman ilan sa mga ito ay banyagang teologo sa Pilipinas, tulad nina

48 Mark Joseph Pascua Santos, "Sarili, Kaugnay, Iba: Isang Eksposisyon sa Kapantasan ni Atoy Navarro sa Araling Kabanwahan," nasa *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*, mga pat. Jomar G. Adaya et al. (Sta. Mesa, Manila: PUP Center for Philippine Studies, 2022), 119-173.

49 Rodrigo D. Tano, *Theology in the Philippine Setting: A Case Study in the Contextualization of Theology* (Quezon City: New Day Publisher, 1981).

50 Timoteo D. Gener, "Re-Rooting the Gospel in the Philippines: Roman Catholic and Evangelical Approaches to Contextualization" (Masterado sa Sistematikong Teolohiya, Institute for Christian Studies, Toronto, Canada, 1998).

51 Andrea Roldan, "The Gospel in the Filipino Context: José M. de Mesa and Melba P. Maggay," *Mission Round Table* 13, no. 1 (January-April 2018): 24-30.

52 Tesoro at Jose, *The Rise of Filipino Theology.*

Douglas Elwood at Lode Wostyn). Gayunman, mas maiksing pag-iimbentaryo lamang ang aklat ng ilang akda at impormasyon ukol sa mga teologong ito, at hindi komprehensibong eksposisyon.

Noong 2018, naglimbag ang *Hapag Journal* ng isang espesyal na isyu, na nagbibigay-pugay sa henerasyon ng mga teologong tagapagtatag ng Damdaming Katoliko sa Teolohiya (Dakateo). Dito, tig-iisang artikulo ang inilaan upang pagnilayan ang teolohikal na kontribusyon nina Jimmy Belita,[53] Karl Gaspar,[54] Jose Mario Francisco,[55] Corazon Manalo,[56] Jose de Mesa,[57] at Manny Ginete.[58] Nito lamang 2023, nailimbag din ang *Theologies of Social Transformation* ni Wilfredo Tangunan.[59] May pagkakahawig ito sa aklat ni Tano dahil pagtatahi rin ito sa kaisipan ng ilang piling teologo, bagaman tumuon lamang si Tangunan sa ambag ng tatlong teologong Metodista na sina Emerito Nacpil, Daniel Arichea Jr., at Elizabeth Tapia.

Bukod sa ganitong mga ekspositoryong aklat at artikulo, maipapailalim din sa tipo na ito ang mga *festschrift* na alay sa mga Pilipinong teologo. Mula ang *festschrift* sa tradisyong Aleman, kung saan nagsasama-sama ang mga dating mag-aaral o mga kaibigang guro't mananaliksik ng isang pantas, upang maglimbag ng isang buong aklat bilang parangal sa naturang pantas (kadalasang sa okasyon ng kanyang pagreretiro). Ang mga nilalamang artikulo ng aklat ay sumasalamin sa mga paksang inatupag ng pantas sa kanyang ilang dekadang pananaliksik. Mahalaga ang mga *festschrift* sa usapin ng eksposisyon dahil nagsisilbi itong okasyon upang pagnilayan ang kaisipan at ambag ng mga Pilipinong teologo. May ilan nang teologong inalayan ng *festschrift* tulad

53 Daniel Franklin Pilario, "Myth, Science and Theology: The Theological Journey of Jimmy Belita, C.M," *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 9-21.

54 Randy J.C. Odchigue, "Emancipating Religion from Religion: Reflections on the Contribution of Karl Gaspar, CSSR," *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 23-41.

55 Ruben C. Mendoza, "Interdisciplinarity as a Means of Doing Theology: Jose Mario Francisco and His Writings," *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 43-55.

56 Manuel R. Pajarillo, "A Woman of Substance: Sr. Corazon P. Manalo, DC.," *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 73-83.

57 Rebecca G. Cacho, "Ang Hindi Malilimutang Pamanang-aral ni Ka José De Mesa," *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 105-113.

58 Emiliano Q. Ibera III, "Immersed in 'Words,' Immersed with People: Contribution of Manny Ginete, C.M. to the Local and Global Church," *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 115-126.

59 Wilfredo Tangunan, *Theologies of Social Transformation: Exploration and Appraisal of Three Filipino Methodist Theologians,* pat., Hadje Sadje (Kalamazoo, Michigan: Ekpyrosis Press, 2023).

nina Raul Bonoan,[60] Catalino Arevalo,[61] Sabino Vengco,[62] at Vitaliano Gorospe.[63] Ngunit napakarami pang ibang batikang Pilipinong teologo na napapanahon na (o masyado na ngang huli) upang alayan ng *festschrift* tulad nina Dionisio Miranda, Leonardo Mercado, Karl Gaspar, Melba Padilla Maggay, at iba pa.

Tila isa ring *festschrift* ang inilimbag ng Landas Journal para kay Arevalo noong 2011, na naglalaman ng koleksyon ng kanyang ilang piling akda, gayundin ng pagpapahalaga sa kanyang teolohiya ng ibang tao. Isang halimbawang pagpapahalaga sa kanya na nasa espesyal na isyung ito ay ang artikulo ni Georg Evers na "Remembering and Reflecting on My Encounters with Catalino Arévalo: Theologian, Counsellor and Friend."[64]

Samantala, ang pangalawang tipo sa aspektong ito ay ang eksposisyon sa sistemang teolohikal ng mga banyagang pantas. Ngunit may kondisyon ang pagsama nito sa Teolohiyang Pilipino. Kasama lamang sa Teolohiyang Pilipino ang mga eksposisyon sa mga banyagang teologo, kung nakasulat ito sa wikang Filipino, o kung hindi man ay may pagtatangkang ilapat o iugnay sa kontekstong Pilipino ang kanilang kaisipan. Dahil kung wala sa dalawang kondisyon na nabanggit, saklaw ng Pangkayong Teolohiya ang ganitong uri ng eksposisyon, at samakatuwid ay walang anumang pagka-Pilipino sa ganitong gawain (liban na lamang sa pagiging Pilipino ng mismong gumawa ng eksposisyon). Medyo kakaunti lamang ang umiiral na mga pag-aaral sa loob ng tipo na ito. Isang halimbawa nito ang artikulo ni Timoteo Gener (na halaw sa kanyang disertasyon sa Fuller Theological Seminary) patungkol sa kaisipan ng Amerikanong teologo na si David Tracy, at paglalapat nito sa Katolisismo sa Pilipinas.[65] Nasa ganitong linya rin ang isa pang disertasyon, na isinulat naman ni Estela Padilla sa wikang Filipino, patungkol sa saysay sa mabathalang pag-

---

60 Soledad Reyes, pat., *Light to the World: The Vision of Fr. Raul J. Bonoan, S.J.* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2000).

61 Catalino G. Arevalo, *Sentire cum Ecclesia: A Festschrift in Honor of Catalino G. Arévalo, S.J.* (Quezon City: Loyola School of Theology, 2011).

62 Aidref R. Ronquillo, punong patnugot, *Rowers,* Vol. 20: Theology in the Service of the Life and Mission of the Church in the Philippines; A Festschrift in Honor of Rev. Msgr. Sabino A. Vengco, Jr., H.P., S.Th.D.

63 Rene B. Javellana, pat., *Morality, Religion, and the Filipino: Essays in Honor of Vitaliano R. Gorospe, S.J.* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994).

64 Georg Evers, "Remembering and Reflecting on My Encounters with Catalino Arévalo: Theologian, Counsellor and Friend," *Landas* 25, no. 1-2 (2011): 353-365.

65 Timoteo Gener, "The Catholic Imagination and Popular Religion in Lowland Philippines: Missiological Significance of David Tracy's Theory of Religious Imaginations," *Mission Studies* 22, no. 1 (2005): 25–57.

aaral ng kaisipan ng teologong Belgian na si Edward Schillebeeckx.[66] Si Manuel Tejido ay nagsulat naman ng isang aklat ukol kay Santo Tomas de Aquino, at ang aplikasyon ng kaisipang teolohikal niya sa mga isyung pangrelihiyon sa Pilipinas.[67]

## KONKLUSYON

Sa pamamagitan ng paghugot ng inspirasyon sa modelo nina F.P.A. Demeterio at Navarro, gayundin sa ideya nina Zeus Salazar at Jose de Mesa, nabuo ang mungkahing tipolohiya ng Teolohiyang Pilipino. Naglalaman ito ng 10 tipo na nakapailalim sa 4 aspekto. Sa pamamagitan ng tipolohiyang ito, mas madaling matatasa ang punyagi ng mga nakaraang teologo at maimamapa ang kasalukuyang estado ng Teolohiyang Pilipino. Sa katunayan, sa hinaharap ay maaaring gumawa ng bibliograpikong pagmamapa ng Teolohiyang Pilipino, sa pamamagitan ng pagbuo ng isang komprehensibong bibliograpiya ng mga umiiral nang akda, at pagkatapos ay gamitin ang tipolohiyang ito at isa-isang bilangin kung ilan sa kanila ang maipapailalim sa bawat isa sa sampung tipo.

Kung tutuusin, kakarimpot pa ang 50 akda na ginamit bilang ilustrasyon ng bawat isa sa 10 tipo. Magkagayunman, nagbibigay na ng ideya ang mabilisang pagsulyap sa tipolohiya para makita ang estado ng Teolohiyang Pilipino, at kaugnay nito, malaman ang mga bagay na dapat pang gawin para sa prospektibong direksyon nito sa hinaharap. Halimbawa, ipinapakita ng tipolohiya sa aspekto ng wika na hanggang sa kasalukuyan ay dominante pa rin ang Teolohiyang Pangkami. Sa katunayan, nais kong igiit na sa hanay ng iba't ibang kilusang Pilipinisasyon (Pantayong Pananaw, Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, Pilosopiyang Pilipino, Sosyolohiyang Pilipino, at iba pa), isa ang Teolohiyang Pilipino sa pinakanangungulelat pagdating sa paggamit ng wikang Filipino bilang mismong midyum ng pananaliksik (at hindi lamang bilang batis ng pagdadalumat). Kumpara sa Teolohiyang Pangkami, napakakaunti ng produksyon sa Teolohiyang Pansila at Teolohiyang Pantayo. Nagpapakita ito ng pangangailangan na mas paigtingin pa ang punyagi ng kasalukuyang henerasyon ng mga teologo tungo sa pagsulat ng mga orihinal na akdang teolohikal sa wikang Filipino, at gayundin ang pagsasalin sa Filipino ng mga akdang isinulat ng mga banyagang teologo.

66 Estela Padilla, "Ang Mabathalang Pag-aaral sa Ministri ng Pamumuno bilang 'Punong Kadaupang-Palad' at ang Teolohiya sa Ministri ni E. Schillebeeckx: Isang Pag-uusap" (Disertasyon sa PhD Applied Theology, De La Salle University, 2006).

67 Manuel M. Tejido, *Si Santo Tomas de Aquino at mga Isyung Panrelihiyon sa Lipunang Filipino Ngayon* (Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, 2005).

Sa aspekto naman ng espasyong heyograpikal, masusulyapan sa tipolohiya ang dami ng produksyon sa Teolohiyang Pambansa, at ang relatibong kaunting bilang ng maipapailalim sa Teolohiyang Lokal. Samakatuwid ay lalo pang dapat payabungin ang Teolohiyang Lokal, sa paraang hindi makasisira sa Teolohiyang Pambansa (yamang mahalaga itong huli sa sentido ng nasyonalismo). Samantala, tila may katamtamang dami lamang ang nakapaloob sa Teolohiyang Asyano. Sa aking palagay ay sapat na ang pagpapanatili sa katamtamang dami ng Teolohiyang Asyano, yamang marami namang iba't ibang Asyanong maaaring umatupag nito, kumpara sa Teolohiyang Pambansa at Teolohiyang Lokal, na walang ibang aasahan ang mga Pilipinong teologo na umatupag kung hindi sila rin.

Sa usapin naman ng Teolohiyang Pangkalinangan at Teolohiyang Panlipunan, walang problema sa dami ng dalawa. Parehong may sapat na proponente ang dalawa na nagtataguyod sa produksyon ng mga akda sa ilalim ng mga ito. Ang maaaring mas atupagin sa aspektong ito ay ang paglikha ng mga akda na nagpapamalas ng integrasyon ng dalawa, tulad ng panawagan ni de Mesa tungo sa mas holistikong pagteteolohiya.[68]

Sa aspekto ng eksposisyon, parehong kaunti ang bilang ng pag-aaral sa mga Pilipinong teologo, at pag-aaral sa mga banyagang teologo sa wikang Filipino o may pag-uugnay/paglalapat sa kontekstong Pilipino. Napakarami pang teologong Pilipino mula sa mas nakatatandang henerasyon ang hindi pa gaanong napag-uukulan ng eksposisyon, tulad nina Dionisio Miranda, Leonardo Mercado, at Rodrigo Tano. Sa mas nakababata sa kanilang henerasyon ng mga teologong Pilipino ay marami na ring hinog na maaaring isalang sa eksposisyon tulad halimbawa nina Rebecca Cacho, Daniel Pilario, Reshley Canlas, Melanio Aoanan, Timoteo Gener, Federico Villanueva, Athena Gorospe, Agnes Brazal, at iba pa. Samantala, matagal nang inaatupag ng mga Pilipino ang pag-aaral sa kaisipan ng mga banyagang teologo tulad nina Augustine, Thomas Aquinas, Martin Luther, John Calvin, Karl Barth, Paul Tillich, Karl Rahner, at iba pa. Bukod sa madalas na paglitaw sa mga akda, bahagi pa nga ang mga ito ng regular na pinag-aaralan sa loob ng mga seminaryo't kolehiyong teolohikal. Ngunit ang salat ay ang pagsasagawa sa kanila ng eksposisyon sa wikang Filipino at ang mas masinsinang paglalapat/pag-uugnay ng kanilang kaisipan sa kontekstong Pilipino.

Bago matapos, kailangang banggitin na ang 10 tipo na natalakay ay hindi eksklusibo sa isa't isa. Ang isang akda ay maaaring maikategorya sa iba't ibang tipo batay sa magkakaibang aspekto. Halimbawa, ang tesis masterado ni Edwin Gariguez sa Loyola School of Theology (LST) patungkol sa paglalapat

68 De Mesa, *Why Theology is Never Far from Home,* 129.

ng kaisipan ni Karl Rahner sa kontekstong Mangyan[69] ay maipapailalim sa Teolohiyang Pangkami, Teolohiyang Pangkalinangan, Teolohiyang Lokal, at eksposisyon sa sistemang teolohikal ng banyagang pantas. Ang aklat naman na *Ang Maganda sa Teolohiya*,[70] kung saan isa si de Mesa sa may-akda, ay maikakategorya sa Teolohiyang Pantayo, Teolohiyang Pambansa, at Teolohiyang Pangkalinangan (wala itong kinalaman sa eksposisyon). Mayroon ding mga akda na maipapailalim lamang sa iisang tipo at walang kaugnayan sa ibang aspekto. Halimbawa, isa ring tesis masterado sa LST ang isinulat ni Jose Cecilio Magadia ukol sa pagsasalin sa Filipino ng akda ni Josef Neuner at Jacques Dupuis na *The Christian Faith*.[71] Nasa kategorya ito ng Teolohiyang Pansila, ngunit wala itong kinalaman sa aspekto ng metodo, espasyong heyograpikal, at eksposisyon.

Preliminaryo pa lamang ang paglalatag ng mungkahing tipolohiyang ito. Marami pang dapat pakinisin dito, at maaari pa itong dumaan sa rebisyon. Maaaring madagdagan o mabawasan ang mga tipo, bahagyang magbago ang mga pakahulugan at mga hangganan, batay sa maidadagdag na diskurso ukol dito sa hinaharap. Anu't anuman, aking hinahangad na ang munting mungkahing tipolohiyang ito ay makapag-ambag sa pagmamapa ng nakaraan at kasalukuyan ng Teolohiyang Pilipino, tungo sa isang mas mayabong nitong hinaharap.

## SANGGUNIAN


Acoba, E. "A Locus for Doing Local Theologies: Theological Stories at the Frontlines of Grassroots Missions Engagement." Nasa *Doing Theology in the Philippines,* pat. John Suk, 24-36. Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2005.

Arevalo, Catalino. "On the Theology of the Signs of the Times." *Philippine Priests' Forum* 4, no. 4 (1972): 14-26.

Arevalo, Catalino G. *Sentire cum Ecclesia: A Festschrift in Honor of Catalino G. Arévalo, S.J.* Quezon City: Loyola School of Theology, 2011.


69 Edwin Gariguez, The Presence of Grace Among Non-Christians in the Writings of Karl Rahner and Its Implications to the Mangyan Mission Apostolate, and Other Essays (Tesis Masterado, Loyola School of Theology, 1992).

70 Jose M. de Mesa et al., *Ang Maganda sa Teolohiya* (Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc., 2017).

71 Jose Cecilio Magadia, "Tradisyon, Kasulatan at Orden: Pagsasalin ng Dalawang Kabanata nina Neuner at Dupuis" (Tesis Masterado, Loyola School of Theology, 1992).

Assmann, Hugo. "Ang Teolohiya ng Pagpapalaya." Salin ni Antonio V. Romualdez. *Katipunan: Dyurnal ng Panlipunang Sining at Agham* 1, no. 2 (April 1971): 53-61.

Asumbrado, Alexander P., Paula Louise L. Monilla, Aira Lei L. Nunag, at Audrey Stephanie L. Quibot, mga pat. *Ang Pilosopiya ng Kasaysayang Rehiyunal: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar.* Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019.

Atienza, John Adrianfer, Danica Dela Paz, Joce Anne Magpayo, at Argen Rivas, mga pat. *Loob: Ang Saklaw ng Kasaysayan ng Bansa; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019.

Beltran, Benigno P. *The Christology of the Inarticulate: An Inquiry into the Filipino Understanding of Jesus the Christ.* Manila: Divine Word Publications, 1987.

Bonoan, Raul. "Ang Pagbabago sa Teolohiya." *Katipunan: Dyurnal ng Panlipunang Sining at Agham* 1, no. 2 (April 1971): 45-52.

Cacho, Rebecca G. "Ang Hindi Malilimutang Pamanang-aral ni Ka José De Mesa." *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 105-113.

Collier, David, Jody Laporte, at Jason Seawright. "Typologies: Forming Concepts and Creating Categorical Variables." Nasa *The Oxford Handbook of Political Methodology,* mga pat. Janet M. Box-Steffensmeier, Henry E. Brady, at David Collier, 152-173. Oxford: Oxford University Press, 2008.

De la Torre, Edicio. *Touching Ground, Taking Root: Theological and Political Reflections on the Philippine Struggle*. Quezon City: Socio-Pastoral Institute Philippines, 1986.

De Mesa, Jose M. *Why Theology is Never Far from Home.* Manila: De La Salle University Press, Inc., 2004.

De Mesa, Jose M. *Mga Aral sa Daan: Dulog at Paraang Kultural sa Kristolohiya*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2004.

De Mesa, Jose M. *Isang Maiksing Katesismo*. Philippines: Aklat Ginhawa, 2011.

De Mesa, Jose M. *Mabathalang Pag-aaral.* Manila: Vibal-DLSU, 2014.

De Mesa, Jose M. *Jose M. de Mesa: A Theological Reader.* Manila: De La Salle University Publishing House, 2016.

De Mesa, Jose M., Estela P. Padilla, Levy L. Lanaria, Rebecca G. Cacho, Yuri D. Cipriano, George N. Capaque, at Timoteo D. Gener. *Ang Maganda sa Teolohiya*. Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc., 2017.

De Mesa, Jose M., and Rebecca B. Cacho. *In Love with God: Doing Theology for Students*. Manila: St. Scholastica's College, 2012.

De Mesa, Jose M., and Rebecca B. Cacho. *Becoming Church, Being Sacrament: A Filipino Ecclesiology for College Students*. Manila: St. Scholastica's College, 2012.

De Mesa, Jose M., and Rebecca G. Cacho. *When Beauty Reckons: Theological Ethics of Filipino Aesthetics.* Manila: St. Scholastica's College, 2012.

De Mesa, Jose M., and Rebecca G. Cacho. *Jesus: God's Way of Friendship*. Quezon City: C&E Publishing Inc., 2017.

Demeterio, F.P.A. III. "Status and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co." *Φιλοσοφια* 14, no. 2 (2013): 186-215.

Evers, Georg. "Remembering and Reflecting on My Encounters with Catalino Arévalo: Theologian, Counsellor and Friend." *Landas* 25, no. 1-2 (2011): 353-365.

Fernandez, Eleazar S. *Toward a Theology of Struggle*. Eugene, Oregon: Wipf and Stock Publishers, 1994.

Gariguez, Edwin. "The Presence of Grace Among Non-Christians in the Writings of Karl Rahner and Its Implications to the Mangyan Mission Apostolate, and Other Essays." Tesis Masterado, Loyola School of Theology, 1992.

Gener, Timoteo D. "Re-Rooting the Gospel in the Philippines: Roman Catholic and Evangelical Approaches to Contextualization." Masterado sa Sistematikong Teolohiya, Institute for Christian Studies, Toronto, Canada, 1998.

Gener, Timoteo D. "The Catholic Imagination and Popular Religion in Lowland Philippines: Missiological Significance of David Tracy's Theory of Religious Imaginations." *Mission Studies* 22, no. 1 (2005): 25–57.

Gener, Timoteo D., at Adonis Abelard Gorospe, mga pat. *The Earth is the Lord's: Reflections on Stewardship in the Asian Context.* Mandaluyong: OMF Literature Inc., and Quezon City: Asian Theological Seminary, 2011.

Gener, Timoteo D., at Stephen Pardue, mga pat. *Asian Christian Theology: Evangelical Perspectives*. Carlisle, UK: Langham Global Library, 2019.

Gorospe, Adonis Abelard O., pat. *Naming the Unknown God.* Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2006.

Gorospe, Vitaliano R., pat. "Filipino Theology Today." *Budhi Papers* 3. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1978.

Ibera, Emiliano Q. III. "Immersed in 'Words,' Immersed with People: Contribution of Manny Ginete, C.M. to the Local and Global Church." *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 115-126.

Javellana, Rene B., pat. *Morality, Religion, and the Filipino: Essays in Honor of Vitaliano R. Gorospe, S.J.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994.

Johnson, Dave. *Theology in Context: A Case Study in the Philippines.* Oregon: Wipf & Stock, 2013.

Katoppo, Marianne. *Masuyo at Malaya: Teolohiya ng Babaeng Asyano*. Salin ni Lualhati Bautista. Manila: Solidarity Foundation, Inc., 1991.

Lanaria, Levy. *"Uwi na Tayo:" Towards a Lay-Centered Filipino Church as Pamilya ng Diyos.* Cebu: University of San Carlos Press, 2011.

Lapiz, Ed. *Paano Maging Pilipinong Kristiano (Becoming a Filipino Christian).* Manila: Kaloob, 1997.

Leonardo Mercado. *Elements of Filipino Theology.* Tacloban: Divine Word University Publications, 1975.

Magadia, Jose Cecilio. "Tradisyon, Kasulatan at Orden: Pagsasalin ng Dalawang Kabanata nina Neuner at Dupuis." Tesis Masterado, Loyola School of Theology, 1992.

Maggay, Melba Padilla. *Transforming Society: Reflections on the Kingdom and Politics.* United Kingdom: Regnum Books, 1996.

Mendoza, Ruben C. "Interdisciplinarity as a Means of Doing Theology: Jose Mario Francisco and His Writings." *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 43-55.

Miranda, Dionisio M. *Buting Pinoy: Probe Essays on Value as Filipino.* Manila: Logos Publications, 1992.

Navarro, Atoy M. *Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2000.

Navarro, Atoy M. "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya." *Saliksik E-Journal* 1, no. 2 (2012): 1-32.

Niehbuhr, H. Richard. *Christ and Culture.* New York: HarperCollins Publishers, Inc., 2001.

Odchigue, Randy J.C. "Emancipating Religion from Religion: Reflections on the Contribution of Karl Gaspar, CSSR." *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 23-41.

Padilla, Estela. "Ang Mabathalang Pag-aaral sa Ministri ng Pamumuno bilang 'Punong Kadaupang-Palad' at ang Teolohiya sa Ministri ni E. Schillebeeckx: Isang Pag-uusap." Disertasyon sa PhD Applied Theology, De La Salle University, 2006.

Pajarillo, Manuel R. "A Woman of Substance: Sr. Corazon P. Manalo, DC." *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 73-83.

Pilario, Daniel Franklin. "Myth, Science and Theology: The Theological Journey of Jimmy Belita, C.M." *Hapag* 15, no. 1-2 (2018): 9-21.

Ramos, Nikko Jay B., Jvel P. Atayde, Razziline A. Barlaan, at Mary-Dianne A. Hernan, mga pat. *Ang Pilosopiya ng Kasaysayang Pandaigdig; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019.

Requiroso, Kelvene. "The Death and Resurrection of Christ from the Lenses of a Folk Bisaya." Nasa *The Bible in the 21st Century Philippine Context*, mga pat. E.B. Ebojo, D.C. Monera, at R.U. Yu, 315-331. Manila: Philippine Bible Society, 2008.

Reyes, Soledad, pat. *Light to the World: The Vision of Fr. Raul J. Bonoan, S.J.* Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2000.

Ringma, Charles R., and Karen Hollenbeck-Wuest. *Walking with God: Christian Spirituality in the Asian Context.* Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2014.

Ringma, Charles R., Karen Hollenbeck-Wuest, Athena O. Gorospe, mga pat. *God at the Borders: Globalization, Migration and Diaspora.* Mandaluyong: OMF Literature Inc., and Quezon City: Asian Theological Seminary, 2015.

Roldan, Andrea. "The Gospel in the Filipino Context: José M. de Mesa and Melba P. Maggay." *Mission Round Table* 13, no. 1 (January-April 2018): 24-30.

Ronquillo, Aidref R. Punong Patnugot. *Rowers*, Vol. 20: Theology in the Service of the Life and Mission of the Church in the Philippines; A Festschrift in Honor of Rev. Msgr. Sabino A. Vengco, Jr., H.P., S.Th.D.

Salazar, Zeus A. "Mula sa Patnugot." Nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*, pat., Zeus A. Salazar, ix-xv. Quezon City: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974.

Salazar, Zeus A. "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan." *Daluyan* Espesyal na Isyu no. 1 (2015): 55-78.

Salgado, Pedro. *Ang Kristiyanismo ay Rebolusyonaryo*. n.p. 1989.

Santos, Mark Joseph Pascua. *19 Rebyu Kontra COVID-19: Kalipunan ng mga Panunuring-aklat sa Agham Panlipunan, Teolohiya at Panitikan.* Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2021.

Santos, Mark Joseph Pascua. "Sarili, Kaugnay, Iba: Isang Eksposisyon sa Kapantasan ni Atoy Navarro sa Araling Kabanwahan." Nasa *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*, mga pat. Jomar G. Adaya, Joseph Reylan B. Viray, Alondra Gayle T. Sulit, at John Christian M. Agudera, 119-173. Sta. Mesa, Manila: PUP Center for Philippine Studies, 2022.

Santos, Mark Joseph Pascua. "Pilipinisasyon: Isang Bibliograpiya." 'Di limbag na manuskrito.

Santos, Narry F. *Turning Our Shame into Honor: Transformation of the Filipino Hiya in the light of Mark's Gospel.* Philippines: LifeChange Publishing Inc., 2003.

Soledad, Rizza Mae, Zairylle Joice Garcia, Reign Narish Pedriña, at Krizia Rodriguez, mga pat. *Pilosopiya ng Kasaysayang Pambansa; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar.* Quezon City. Bagong Kasaysayan, 2019.

Tan, Amanda Shao. "The Chinese Dragon, God's 'Flolicking' Dragon and the Cross of Christ." Nasa *The Gospel in Culture: Contextualization Issues Through Asian Eyes*, pat., Melba Padilla Maggay, 334-376. Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2013.

Tangunan, Wilfredo. *Theologies of Social Transformation: Exploration and Appraisal of Three Filipino Methodist Theologians*. Pat. Hadje Sadje. Kalamazoo, Michigan: Ekpyrosis Press, 2023.

Tano, Rodrigo D. *Theology in the Philippine Setting: A Case Study in the Contextualization of Theology*. Quezon City: New Day Publisher, 1981.

Tejido, Manuel M. *Si Santo Tomas de Aquino at mga Isyung Panrelihiyon sa Lipunang Filipino Ngayon.* Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, 2005.

Tesoro, Dindo Rei, at Joselito Jose. *The Rise of Filipino Theology.* Pasay: Paulines Publishing House, 2004.

Villanueva, Federico. "'My God, My God, Why Have You Forsaken Me? 'Christology Amid Disasters." Nasa *Christologies, Cultures, and Religions: Portraits of Christ in the Philippines*, mga pat. Pascal D. Bazzell at Aldrin Peñamora, 78-86. Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asia Theological Association, 2016,

Villanueva, Federico G. "Dalamhati at Luwalhati: Kahalagahan ng Wika sa Theology." *Philippine Journal of Religious Studies* 4 (2024): 1-17.

Wanak, Lee, pat. *The Church and Poverty in Asia*. Mandaluyong: OMF Literature Inc. at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2008.

## ABOUT THE AUTHOR

Si Mark Joseph Pascua Santos ay nagtapos ng BA History, Post-Baccalaureate in Teaching Education, at Master of Divinity, at kasalukuyang kumukuha ng Certificate in Teaching Religion. May-akda siya ng mga artikulo at panunuring-aklat sa mga dyornal tulad ng Hitik, Historical Bulletin, Saliksik E-Journal, Dalumat, Katipunan, Tala, Talastasan, Social Sciences and Development Review, Mabini Review, Lakandayang, Bidlisiw, at PWU Research Journal. Kabilang dito ang ilang artikulong teolohikal niya tulad ng "Ang Salat-Sapat-Sobra sa Konteksto ng Pilipino-Tomasinong Birtud-Etika ni Jeremiah Reyes: Tungo sa Isang Pilipinong Teolohiya ng Pangangalagang Pangkalikasan," "Karl M. Gaspar: Panimulang Paglalapat ng Paniping Pagsusuri sa Teolohiyang Pilipino," "Teolohiya, Katarungan, at Pagkabansa: Tungo sa Isang Malaya at Mapagpalayang Teolohiyang Pilipino," "Kasaysayang Kapantasan ng Teolohiyang Pilipino sa Wikang Filipino: Paglalatag ng Labingtatlong (13) Mungkahing Proyekto," "Pantayong Pananaw bilang Dulog sa Teolohiyang Pilipino," at "Kristolohiya sa Konteksto ng Teolohiyang Pilipino: Isang Panunuring-aklat."